7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter

Linggo 6

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer:** Daisy B. Irinco
**Content Reviewer:** Ricardo P. Makabenta
**External Content Validator:** Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion
**External Language Validator:**
**Illustrator:** Romdel F. Partoza
**Layout Artist:** Allan E. Medenilla, Elaine Margarett U. Baguio, Albert James Macaraeg

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Araling Panlipunan |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naiuugnay ang sinaunang kabihasnan ng Pilipinas sa mga bansa sa Timog Silangang Asya, China at India | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natatalakay ang katangian ng kabihasnan at sibilisasyon na sumibol at umunlad sa Timog-Silangang Asya | Nakapaglalahad ng malikhaing presentasyon ukol sa pagbuo ng kabihasnan sa Timog-Silangang Asya | Naiisa-isa ang mga ambag o kontribusyon ng kabihasanang Asyano | Napahahalagahan ang mga pamana/kontribusyon sa kaisipang Asyano/Pilipino ng China, India at Timog Silangang Asya |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | Ideation, explore | emphatize | Context, connect. emphatize | emphatize |
| *F. 21st Century Skills* | Teamwork, collaboration | Intercultural understanding | Openness, intercultural understanding | Reflective thinking |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Timog Silangang Asya |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Asya Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 105-110<br><br>Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217 | Asya Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag- aaral Pahina 105-110<br><br>Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217 | Asya Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 105-110<br><br>Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217 | Asya Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 105-110<br><br>Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217 |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>DepEd Marikina - eLibRO - Google Sites<br>https://g.co/kgs/LBWtpL<br><br>https://www.bing.com/images/search?view (Larawan ng Sinaunang Kabihasnan</td>
<td>Kasaysayan ng Kabihasnang Asyano BEC 2004<br>Pahina 56-57</td>
<td>Asya:Araling Panlipunan 2014:Trinitas Publishing, Inc., pp. 5-7<br><br>http://sam-buni.deviantart.com/art/ma nny-pacquiao-530692191</td>
<td>kahulugan ng caligraphy - Search (bing.com)<br><br>https://www.bing.com/search?q=kahulugan+ng++clay+tablet&qs=n&form<br><br>https://www.bing.com/search?q=kahulugan+ng++catal+huyuk&qs=<br><br>https://orcid.org/0000- 0002-1482-2975</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Iba pang Kagamitan</td>
<td>larawan, powerpoint presentation</td>
<td>larawan, powerpoint presentation</td>
<td>larawan, powerpoint presentation</td>
<td>larawan, powerpoint presentation</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">Bago Ituro ang Aralin</td>
</tr>
<tr>
<td>Panimulang Gawain</td>
<td>Gawain 1: Balik -Aral<br>Panuto: Ipapaskil sa klase ang mapa ng Timog Silangang Asya.<br>Ipatatalunton ang kinaroroonan at ipapangkat ang sumusunod na bansa Vietnam, Cambodia, Indonesia, Singapore, Timor Leste, at Pilipinas.
<table>
<tr><th>Kalakhan (Mainland)</th><th>Insular / Maritama</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td></td><td>3.</td></tr>
<tr><td></td><td>4.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Gawain 1: Suri-Larawan<br>Ipalahad sa klase ang kanilang opinyon tungkol sa mga bagay o larawan na ipinakita.<br><br>Punong kahoy, kuweba apoy, mga bato, mga dahon, at balat ng hayop<br><br>Mga Gabay na tanong:<br>1. Ano kaya ang halaga nito sa sinaunang Asyano?<br>2. Ano-ano ang ginampanan nito sa pagbuo ng kabihasnan?</td>
<td>Gawain 1: Flow Chart<br>Ipagawa sa klase ang simpleng ilustrasyon ng mga kaganapan sa sinaunang kabihasnan<br><br>Mga Gabay na tanong:<br>1. Paano namuhay ang mga tao sa sinaunang kabihasnan.?<br>2. Ano-ano ang mga panahon na humubog sa kabihasnang Asyano?</td>
<td>Gawain 1: Balik -Aral<br>(Loop a word)<br>Panuto: Ipahanap ang mga salita sa ibaba sa loob ng kahon na tumutukoy sa naging kontribusyon ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya.
<table>
<tr><td>V</td><td>Y</td><td>I</td><td>P</td><td>Y</td><td>T</td><td>R</td><td>Z</td><td>T</td><td>L</td><td>F</td><td>L</td><td>T</td><td>M</td></tr>
<tr><td>E</td><td>Z</td><td>O</td><td>L</td><td>I</td><td>X</td><td>I</td><td>C</td><td>Z</td><td>P</td><td>V</td><td>C</td><td>G</td><td>E</td></tr>
<tr><td>X</td><td>Q</td><td>A</td><td>J</td><td>B</td><td>S</td><td>J</td><td>B</td><td>Q</td><td>M</td><td>B</td><td>X</td><td>C</td><td>S</td></tr>
<tr><td>C</td><td>E</td><td>P</td><td>G</td><td>U</td><td>N</td><td>E</td><td>O</td><td>L</td><td>I</td><td>T</td><td>I</td><td>K</td><td>O</td></tr>
<tr><td>U</td><td>O</td><td>X</td><td>B</td><td>W</td><td>A</td><td>H</td><td>R</td><td>X</td><td>R</td><td>N</td><td>T</td><td>S</td><td>L</td></tr>
<tr><td>T</td><td>P</td><td>B</td><td>A</td><td>N</td><td>G</td><td>K</td><td>O</td><td>R</td><td>W</td><td>A</td><td>T</td><td>N</td><td>I</td></tr>
<tr><td>B</td><td>L</td><td>O</td><td>K</td><td>E</td><td>N</td><td>G</td><td>B</td><td>A</td><td>T</td><td>O</td><td>L</td><td>M</td><td>T</td></tr>
<tr><td>Y</td><td>U</td><td>B</td><td>D</td><td>C</td><td>C</td><td>T</td><td>U</td><td>S</td><td>S</td><td>M</td><td>Z</td><td></td><td>I</td></tr>
<tr><td>O</td><td>X</td><td>P</td><td>Z</td><td>H</td><td>V</td><td>J</td><td>D</td><td>X</td><td>E</td><td>N</td><td>V</td><td>K</td><td>K</td></tr>
<tr><td>B</td><td>P</td><td>L</td><td>X</td><td>L</td><td>C</td><td>T</td><td>U</td><td>Y</td><td>X</td><td>M</td><td>W</td><td>P</td><td>O</td></tr>
<tr><td>N</td><td>Q</td><td>Z</td><td>U</td><td>P</td><td>V</td><td>Y</td><td>R</td><td>T</td><td>C</td><td>B</td><td>Q</td><td>C</td><td>V</td></tr>
</table>
<br>Mesolitiko -natutong magpaamo ng hayop at</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | gumawa ng mga damit<br>**Angkor Wat**-templong Hindu-Buddhist sa Cambodia<br><br>**Neolitiko-** natutong magtanim at mag-alaga ng hayop ang mga tao<br><br>**Borobudur**- pinakamalaking templo ng Budismo sa daigdig.<br><br>**Blokeng Bato**-materyales ng mga bahay sa kabihasnan Indus |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Gawain 2**: Ipatala sa graphic organizer ang mga salita na may kaugnayan sa KABIHASNAN at SIBILISASYON<br><br>Itanong sa klase ang kabuoang konsepto o ideya ng **Kabihasnan at Sibilisasyon** batay sa mga kasagutan ng mag-aaral. | **Gawain 2:** Ipakita sa mga bata ang mga larawan *Huang-Ho at Indus Valley River.*<br> <br>Indus Valley River Huang-Ho<br>https://www.google.com/search?q=indus%20valley%20river&tbm=isch&hl=en&tbs=il:cl&prmd=ivsmnbtz&sa=X&ved=0CAAQ1vwEahcKEwjA_PLFq4K<br><br>**Mga Gabay na Tanong**:<br>1. Ano ang katangian ng mga nasa larawan?<br><br>2. Ano ang kinalaman ng mga ilog at lambak sa | **Gawain 2**: Magpakita ng larawan ng mga lahing Asyano. Ipatukoy ang kanilang katangian. | **Gawain 2: Larawan Suri**<br>Ilarawan ng "Clay tablet" at 'Gadget tablet" at sagutin ang gabay na tanong.<br><br>**Papel –** naimbento sa Tsina noong 105 CE mula sa dinastiyang Han<br><br>Pinagkunan<br>**https://ph.images.search.yahoo.com/search/images;_ylt=Awr** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Gawain 3: Larawan –Suri**<br>Magpakita ng larawan patungkol sa Sinaunang Kabihasnan / Sibilisasyon.<br><br>https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/7/70/Aryans_settling_in_India.jpg?fbclid=IwAR1iQawRTFZEJRKVwbsk4vPA_3xI0UGxmHM3DM6DdaqYBafD9Iat5oWAMDQ<br>**Mga Gabay na Tanong**<br>(1) Ano ang nakikita sa larawan?<br>(2) Ano ang mga simbolismiong ginamit?<br>(3) Ano ang pinahihiwatig ng larawan?<br>(4) Ano ang iyong reaksyon sa pahiwatig ng larawan? | pagbuo at pag-unlad ng kabihasnan at sibilisasyon? | <br>Manny Paquiao<br>http://sam-buni.deviantart.com/art/manny- pacquiao-530692191<br><br>Xi Jinping<br>https://www.dreamstime.com/black-white-vector- portrait-xi-jinping-president-people-s-republic-china-general-secretary-communist-party-image133359623<br><br>Siddharta Gautama Buddha<br>**Mga Gabay na Tanong**<br>1. Ano-ano ang kanilang ginampanan sa lipunan?<br>2. Paano sila nakaimpluwensiya sa kanilang pamumuhay? | KBAsT3rtlWf4VxUizRwx.;_ylu=Y29sbwNzZzMEcG9zAzEEdn RpZAMEc2VjA3Nj?p=imbensyon+papel+tsino&fr=mcafee#id=12&iurl=https%3A%2F%2Fimage.slidesharecdn.com%2Fkontr ibusyonngtsinasasinaunangkabihasnan-131015032148-phpapp02%2F85%2Fkontribusyon-ng-tsina-sa-sinaunang-kabihasnan-21-320.jpg%3Fcb%3D1383633273&action=click<br>**Mga Gabay na Tanong**<br>1. Sa anong dinastiya naimbento ang papel?<br>2. Ano ang katangian ng papel?<br>3. Paano ito ginagamit ng mga tao?<br>4. Ano ang kahalagahan ng papel sa pamumuhay? |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Pagtalakay sa mga sumusunod na terminolohiya:<br><br>Magkaugnay ngunit may kaibahan ang <u>Sibilisasyon</u> at | Pagtalakay sa mga sususunod na terminolohiya.<br><br>**Panahong Paleolitiko-** | Pagtalakay sa sumusunod na terminolohiya:<br><br>**Asiacentric Framework -** pananaw o pagtingin nagtatampok sa Asya bilang | Pagtalakay sa sumusunod na terminolohiya:<br><br>**Artifact-** ito ay tumutukoy sa mga bagay na nakukuha na nalinang at nanggagaling pa |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kabihasnan.<br>**Sibilisasyon**- mula a “civitas” salitang Latin na ang kahulugan ay lungsod o uri ng pamumuhay sa isang partikular na pook o lugar..Ito rin ay kinikilala bilang pamumuhay sa lungsod<br><br>**Kabihasnan**-pamumuhay na kinagawian at pinipino ng maramimg pangkat<br>-yugto o panahon ng pag-unlad ng isang tiyak na pamayanan<br>-nagmula sa salitang Filipino na “bihasa” at nakikilala sa pamamamgitan ng kakayahang idepensa ang sarili, pamahalaan, sining, arkitektura, edukasyon at wika.<br><br>**Pananaw**- saloobin o opinyon ng isang tao<br><br>https://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=sibilisasyon+kahuluga<br>***https://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=sibilisasyon+kahulugan&fr=mcafee&type=E210PH739G0&imgurl=https%3A%2F%2Fimage.slidesharecdn.com%2Fkatangianngisangsibilisasyon-191115233107%2F95%2Fkatangian-ng-isang-sibilisasyon-4-638.jpg%3Fcb%3D1573861089#id=6&iurl=https%3A%2F%2Fph-static.z-dn.net%2Ffiles%2Fd83%2Ff6d8ae416ad4e370a3e5ddd513bb2932.jpg&action=click***<br>***https://ph.images.search.yahoo.co*** | itinuturing na nomadiko ang mga tao sa panahong ito. Pinakamahalagang ambag ang pagtuklas ng apoy<br><br>**Panahong Mesolitiko** - natutong magpaamo ng hayop at gumawa ng mga damit<br><br>**Panahong Neolitiko-** natutong magtanim at mag-alaga ng mga hayop ang mga tao<br><br>**Panahong Metal**- sa panahong ito, nalinang ang mga bakal at tanso. | pokus ng pag-aaral. Binibigyan higit na timbang ang mga gawi, pamana’t ambag ng Asya sa sangkatauhan na taliwas sa punto de bista ng mga kanluranin.<br><br>**Sinocentrism** - ang pananaw na nagtatakda na nakakahigit o superyor/dominante ang kulturang Tsinong kaysa sa iba.<br><br>**Ketuanan Melayu o Malay Supremac**y sa isang banda ay naninindigan na nakaaangat ang Malay kung ihahanay sa iba.<br><br>**Dakilang Pader-**kahanayan ng mga bato at tanggulan ng mga Tsino laban sa pananalakay ng mga lagalag na tribo mula sa steppe ng rehiyong Eurasia. | noong unang panahon at ginawa, nilubog at ginamit ng kultura ng tao.<br><br>**Caligraphy o kaligrapiya**- isang biswal na sining kaugnay ng pagsusulat. Ito ang disenyo at katuparan ng pagkakasulat gamit ang makapal na dulo ng instrumentong panulat, isinasawsaw na panulat, o brush, bukod sa iba pang instrumento sa pagsulat. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | m/search/images?p=sibilisasyon+kahulugan&fr=mcafee&type=E210PH739G0&imgurl=https%3A%2F%2Fimage.slidesharecdn.com%2Fkatangianngisangsibilisasyon-191115233107%2F95%2Fkatangian-ng-isang-sibilisasyon-4-638.jpg%3Fcb%3D1573861089#id=7&iurl=https%3A%2F%2Fimage.slidesharecdn.com%2Fmgasinaunangkabihasnansaasya-150730030744-lva1-app6892%2F95%2Fmga-sinaunang-kabihasnan-sa-asya-4-638.jpg%3Fcb%3D1438225767&action=click https://ph.images.search.yahoo.com/search/images?p=sibilisasyon+kahulugan&fr=mcafee&type=E210PH739G0&imgurl=https%3A%2F%2Fimage.slidesharecdn.com%2Fkatangianngisangsibilisasyon-191115233107%2F95%2Fkatangian-ng-isang-sibilisasyon-4-638.jpg%3Fcb%3D1573861089#id=10&iurl=https%3A%2F%2Flookaside.fbsbx.com%2Flookaside%2Fcrawler%2Fmedia%2F%3Fmedia_id%3D1610762405623529&action=click | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Gawain 4: Basa-Suri-Unawa** Pagpapabasa ng teksto ukol sa mga Sinaunang Kabihasnan ng Asya<br><br>Mula sa nagsagawa at nagsasalaysay tungkol sa kabihasnan at sibilisasyon, pati na rin ang ugnayan ng mga ito sa pamumuhay ng mga sinaunang Asyano, isinasaad na ang kabihasnan ay isang masalimuot na pamumuhay sa lungsod na karaniwang nauugnay sa salitang sibilisasyon. Mula kasanayan sa isang bagay ay nagpapahayag na ang isang tao ay bihasa na o | **Gawain 3:**<br>**Basa-Suri-Unawa**<br>Pagpapabasa ng teksto ukol sa mga Sinaunang Kabihasnan ng Timog Silangang Asya<br><br>Ang masusing pagsaliksik ng mga eksperto ay upang maipakita ang mga paraan ng pamumuhay ng sinaunang tao noong panahong Paleolitiko (400,000-8500 BCE) ay labis na nakasalalay sa kanilang kapaligiran. Ang tao umaasa sa mga likas na yaman tulad ng puno at halaman na nagbibigay biyaya sa kanilang pang- | **Gawain 3:Basa-Suri-Unawa** Pagpapabasa ng teksto ukol sa pag-usbong ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya<br><br>**Kabihasnang Sumer**<br>Itinuturing na "cradle of civilization" ang Mesopotamia. Dito nagmula ang unang sibilisasyon. Ito ay matatagpuan sa Gitnang Silangan, partikular sa Fertile Crescent (Iraq), isang lugar na hugis- arco ng matabang lupa na nababagay para sa iba't ibang grupo ng tao mula sa Persian Gulf hanggang Mediterranean Sea. Dito matatagpuan ang mga ilog na Tigris at Euphrates, kung saan | **Gawain 3: Basa- Suri - Unawa** Ipabasa ang isang artikulo tungkol sa kabihasnan sa Asya<br><br>**Journal Article**<br>Isinasalaysay sa konsepto ng sibilisasyon ang hindi lamang ito bilang isang teknolohikal na sistema, bagamat tunay na bahagi ng konsepto ang teknolohiya bilang bahagi ng materyal na kultura. Sa halip, ang sibilisasyon, sa ganitong pananaw, ay |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magaling na sa larangang iyon. Noong sinaunang panahon, ang mga Asyanong nanirahan sa mga lambak at ilog ay nalinang ang kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng pangingisda at pagsasaka dahil sa kanilang kapaligiran. May mga paraan na nagbigay daan sa pagbuo ng konsepto ng kabihasnan na nagmula sa mga natutunan at naging kinagawian.<br><br>Sa kabilang banda, ang sibilisasyon ay tumutukoy sa mga pamayanan na umusbong sa mga lambak at ilog gaya ng Sumer, Indus, at Shang. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng naninirahan sa mga lungsod ay sibilisado na, o ang mga nasa labas ng mga lungsod ay hindi sibilisado. Ang pagkakaroon ng sibilisasyon ay nagmumula sa kakayahan ng isang lipunan na harapin at malampasan ang mga hamon ng kapaligiran. Ipinapakita nito ang abilidad ng tao na baguhin ang kaniyang pamumuhay sa pamamagitan ng kaniyang | araw-araw na pamumuhay. Ang mga gawi ng pamumuhay ay nomadiko, kung saan umaalis sila sa isang lugar kapag naubos na ang mga biyaya. Ang kanilang sistema ay tumutukoy sa pagbuo ng kanilang kasanayan sa paggawa ng mga kagamitang gawa sa matutulis na bato, na maaari nilang magamit sa pangangaso. Ang kanilang pinakamahalagang kontribusyon ay ang pagtuklas ng apoy.<br><br>May mga pagbabago rin na naganap sa kanilang pamumuhay dahil sa pangangailangang umangkop sa pagbabago sa kanilang kapaligiran. Unti unti rin natutunan nilang mag-alaga ng hayop at gumawa ng mga damit mula sa balat ng mga hayop upang maprotektahan ang kanilang sarili. Ang panahon ng Mesolitiko ay naging tulay patungo sa Neolitikong panahon. Naging mas mahirap na maunawaan ang Neolitikong panahon (7000-3000 BCE) kung saan natutunan ng mga tao ang pagsasagawa ng agrikultura at pag-aalaga ng mga hayop. Ipinapahayag ng | unang umusbong ang sibilisasyon. Noong panahon ng Neolitiko, nagkaroon ng mga pamayanan sa labas ng Mesopotamia gaya ng Jericho sa Israel at Catal Huyuk at Hacilar sa Anatolia (Turkey sa kasalukuyan, 6000 BCE), mga pamayanan na naging sentro ng agrikultura. Sa mga lugar na ito, natutunan ang malawakang pagsasaka ng trigo at barley, pati na rin ang pangangaso at pag-aalaga ng hayop. Gayunpaman, dahil sa kawalan ng sapat na yaman sa kapaligiran, hindi nagtagal ang mga pamayanan na ito. Ang mga tao ay nagkaroon ng mga solusyon sa mga hamong ito na nakita sa matabang lupain ng Tigris at Euphrates, kung saan umusbong ang Kabihasnang Sumer (3500-3000 BCE). Ito ang pinakamatandang kabihasnan sa mundo na may malalim na koneksyon sa Mesopotamia.<br><br>Sa ilalim ng Sumerian civilization, naipatupad ang maayos na pamahalaan at mga lungsod- estado. Naging mahalaga ang Sumerian sa pag-unlad ng sistema ng pagsusulat gamit ang cuneiform sa clay tablets, pag-aaral ng agham, teknolohiya, at kalendaryo. May malaking bahagi rin sa kanilang kultura ang mga diyos at diyosa. | pangunahing sinusuri batay sa kahalagahan ng pag-usbong ng mga abstrakto at simbolikong sistema kasama na rito ang pagsusulat, relihiyon, pilosopiya, batas, matematika, at ang mga aspeto ng gawain ng tao na pinakamahirap suriin sa mga sinaunang sibilisasyon dahil kailangang manghula mula sa mga sistema ng mga kagamitan o mula sa mga teksto. (Halaw mula sa Civilization as a technological system)<br><br>(https://orcid.org/0000-0002-1482- 2975) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | talino at lakas. Ang prosesong ito ay nagpapalago sa pagkatao ng isang indibidwal.<br><br>Mayroong mga pangunahing elemento o batayang salik na naglalayong magkaroon ang kabihasnan. Ito ay kinabibilangan ng organisado at sentralisadong pamahalaan, masalimuot na relihiyon, espesyalisasyon sa mga gawaing pang ekonomiya at uring panlipunan, mataas na antas ng kaalaman sa teknolohiya, sining, at arkitektura, pati na rin ang sistema ng pagsulat. Ang mga lungsod tulad ng Sumer, Indus, at Shang ay nagtagumpay sa pagbuo ng kanilang pamumuhay dahil sa pag- angkop sa mga pagbabagong dulot ng kapaligiran. Ang paglaki ng populasyon ay nagresulta sa pagsasaka na naging pangunahing hanapbuhay at umunlad ang kanilang kultura at teknolohiya. Ang mga lider ay maaaring mga pari o hari, at ang relihiyon ay may malaking bahagi sa buhay ng | Rebolusyong Neolitiko ang malawakang paggamit ng agrikultura, na nagresulta sa pagkakaroon ng mga tao ng permanenteng tirahan sa mga pook agrikultural, malapit sa mga ilog at lambak. Dito'y kanilang nadama ang pangangailangan na bantayan ang kanilang mga pananim at alagang hayop, na nag-udyok sa pagbuo ng mga pamayanan. Sa proseso, nagkaroon sila ng mga natatanging kasanayan at aspeto ng pamumuhay, at naitatag ang mga ugnayan sa loob ng lipunan. Nag-umpisa rin ang iba't ibang mga industriya tulad ng pangingisda at pagsasaka. Sa mga pangyayaring ito, nagkaroon ng pundasyon para sa mas mataas na anyo ng kabihasnan.<br><br>Sa pag-usbong ng Panahong Metal (4000 BCE), unti-unting naging mahalaga ang mga materyales gaya ng metal, tanso, at bakal sa paggawa ng mga kagamitang pang-araw araw. Bagamat hindi ito nangyari agad-agad sa iba't ibang lugar sa Asya, naging daan ito para sa mas modernong mga kagamitan. | Gayunpaman, napasailalim ang Kabihasnang Sumer sa iba't ibang imperyo gaya ng Akkadian, Babylonian, at Assyrian. Ang kasaysayan ng Sumerian ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unlad sa agrikultura, teknolohiya, pagsusulat, at institusyonalisasyon sa pag-usbong ng sibilisasyon ng tao. Ang kabihasnang Sumer ay napatunayang umunlad sa pamamagitan ni Gilgamesh, at dito naganap ang pagtuklas ng iba't ibang teknolohiyang nauugnay sa pagsasaka tulad ng araro at mga kariton na may mga gulong.<br><br>Hindi rin nagtagal ay natuklasan ang kasanayan sa paggawa ng mga palayok at paggamit ng pera na yari sa pilak. Kasunod nito, nahayag ang kaalaman sa paggamit ng lunar calendar at decimal system, na nagpapatibay sa pag-usbong ng kanilang kultura. Kahit na ang kabihasnang Sumer ay umabot sa ganitong antas ng pag-unlad, hindi rin nakaligtas sa mga hangaring mapabagsak ang kanilang kagitingan. Ipinakita ito ng ilang mga grupo na | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga tao, kung saan ang paniniwala sa maraming diyos o Politeismo ay karaniwan*. (Hango sa Sanggunian: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral)*<br><br>***Sanggunian**: Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 105-110*<br><br>***Sanggunian**: Asya Pag- usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217* | Ang mga kasangkapang bato ay unti-unting napalitan ng metal, partikular na ang tanso. Ngunit dahil sa kakulangan sa tanso, ang bakal ang naging pangunahing materyal na ginamit, at ito ay nanatili hanggang sa kasalukuyang panahon. Ito rin ang nagdulot ng mas malawak ang pag-unlad sa kanilang pamumuhay.(*Hango sa Sanggunian: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral)*<br><br>***Sanggunian**: Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 105-110*<br><br>***Sanggunian**: Asya Pag-usbong ng Kabihasnan Pahina 203* | naglayong sakupin ang kanilang teritoryo, na nagdulot ng pagbagsak ng kanilang kabihasnan sa kabila ng kanilang mga tagumpay at pag-unlad.<br><br>**Kabihasnang Indus**<br><br>Sa Timog Asya, matatagpuan ang mga lambak-ilog ng Indus at Ganges. Katulad ng mga ilog Tigris at Euphrates, ang mga ilog na ito ay taon-taon na umaapaw dahil sa pagkakatunaw ng yelo mula sa Himalayas. Ang pagkakatunaw na ito ay nag-iiwan ng banlik na nagpapataba sa mga agrikultural na lupa. Bago pa man umabot sa ganap na pag-unlad, may mga pamayanan nang itinatag sa rehiyon noong panahon ng Neolitiko. Isa sa mga ito ay ang pamayanan ng Mhergah (3500 BCE), na matatagpuan sa kanluran ng ilog Indus. Lumilitaw na ang mga tao dito ay namuhay ng may kasiguraduhang tahanan at naging masalapi sa agrikultura, ayon sa mga natagpuang ebidensiya.<br><br>Lumitaw ang dalawang mahahalagang lungsod dito: ang Harrapa at Mohenjo-Daro. | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Napakalakas ng organisasyon at plano sa mga lungsod na ito, na mahahalata sa kanilang mga lansangang may kuwadradong disenyo, kung saan pare-pareho ang sukat ng mga blokeng bahay. Ipinapakita nito ang kanilang kahusayan sa matematika. Mayroong isa o higit pang mga banyo at palikuran na konektado sa sentralisadong sistema ng tubig at kanal sa ilalim ng lupa. Inaakala na ang mga Dravidian ang nagbuo ng kabihasnang Indus. Sila ay sumasamba sa mga hayop at mga puno. Ang lipunang ito ay namumuno ng mga haring pari at iba pang naghaharing uri. Dahil sa kakulangan sa punong kahoy at metal, ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao ay ang pagsasaka. Natutunan din nilang makipagkalakalan sa mga kalapit na lungsod. Iniisip na ang mga unang mangangalakal ang gumamit ng sistemang pagsulat ng Indus, na kilalang pictogram, ngunit wala pa ring ekspertong nakakalutas dito, na nagresulta sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa kultura ng Indus. Naging misteryo ang pagkawala ng kabihasnang Indus noong 1750 BCE. Maraming mga iskolar ang nagtangkang magbigay ng paliwanag dito. Ayon sa ilan, maaaring magdulot ito ng mga kalamidad o posibleng | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pagsakop ng mga Aryan. Subalit wala pang matibay na ebidensya na nagpapatunay sa mga teoryang ito. Sa paglipas ng panahon, ang kabihasnang Indus ay unti-unting naglaho sa kasaysayan.<br><br>**Kabihasnang Shang**<br><br>Ang Kabihasnang Shang ay nagkaroon ng tahanan sa Ilog Huang Ho, na kilala rin bilang Yellow River dahil sa regular nitong pag-ookupa ng lupain ng loess o dilaw na lupa matapos ang baha. Ang lupain na ito ay nagbibigay pataba sa malapit na agrikultural na lugar. Ang mga pagbaha taon-taon ng ilog na ito, na nagiging sanhi ng pagkamatay ng maraming tao, nalunasan sa pagtatanim ng mga halaman na nakakontrol sa tubig at pagtatayo ng mga dike. Bago pa man umabot sa kaganapan ang Kabihasnang Shang, may mga naitatag ng mamayanan dito. Isa sa mga ito ay ang kalinangang Yangshao (3000 BCE - 1500 BCE) at Lungshan (2500 BCE - 2000 BCE). Sa panahon na ito, ang pangunahing gawain ay ang pagsasaka, bagamat mas permanenteng nanirahan ang pamayanan ng Lungshan. Bagamat mas namayani ang pamayanan ng Lungshan, | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | mayroon pa ring naging kontribusyon ang Yangshao, pagkakatuklas ng "potter's wheel." ito ang nagpatuloy panahon ng Kabihasnang Shang. May mga ulat na may mga pamayanang nauuna pa sa Kabihasnang Shang, tulad ng Dinastiyang Xia, ngunit wala pang sapat na dokumentasyon upang patunayan ito.<br><br>Sa kabilang dako, sa Kabihasnang Shang ay nakuhaan ng mga arkeolohikal na ebidensya noong 1920.Kasama rito ang mga "oracle bones" o buto ng orakulo na ginamit para sa paghuhula. Naniniwala ang mga Shang na sa pamamagitan ng mga butong ito, nakakausap ang mga diyos ng kalikasan at mga ninuno. Ang pamumuno ng Kabihasnang Shang ay nasa ilalim ng mga paring-hari na nag-organisa ng kanilang mga lungsod. Nagtayo sila ng matataas na pader bilang paghahanda sa mga digmaan. Mayroong malinaw na pagkakaiba sa lipunan ng Shang ayon sa kanilang lupain, kung saan may mga aristokrasya at mga mababang uri na masusumpungan sa kanilang uri ng pamumuhay. Ipinakita rin ng Kabihasnang Shang ang sistema ngpagsulat na kilala bilang calligraphy, na nagsilbing | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | tulay sa pagitan ng mga Tsino. Bagamat may iba't ibang wika, ay iisang sistema ng pagsulat ang mga Tsino, at ang mga simbolo ng "oracle bones" ang naging unang mga karakter ng kanilang pagsusulat. Naniniwala ang mga Tsino na ang kanilang kabihasnan ay nagsimula sa Huang Ho, isa sa mga pinakamatandang kabihasnan sa mundo. Ang pananaw na ito ay nagpatuloy sa pagbuo ng mga imperyo.<br><br>***Sanggunian***: Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral Pahina 111-114<br><br>***Sanggunian****: Asya Pag- usbong ng Kabihasnan Pahina 129-143, 202-217* | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Gawain 5: KWL Chart**<br>Gamit ang K-W-L Technique, punan ang angkop sa kolum ukol sa sinaunang kabihasnan/Sibilisasyon sa Timog Silangang Asya.<br><br>Know \| Want \| Learn | **Gawain 4**: Pangkatin ang klase sa tatlo. Ibigay sa bawat pangkat ang kanilang gawain.<br><br>Pangkatang gawain: Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng malikhaing presentasyon ukol sa mga panahon ng pagbuo ng kabihasnan<br><br>Pangkat 1- *Pagsasadula* | **Gawain 4: TAKdang-TRAbaho**<br>Pangkatin ang klase sa tatlo. Ibigay sa bawat pangkat ang kanilang gawain.<br><br>Punan ang talahanayan tungkol sa naging pagbabago at pag-unlad at mahahalagang ambag/kontibusyon ng pamumuhay ng mga kabihasnang Asya. | **Gawain 4:** Pangkatin ang klase. Ipaliwanag ang kanilang gagawin sa bawat pangkat.<br>Batay sa artikulo bumuo ng isang likhang sining (guhit poster) na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga ambag o kontribusyon ng Sinaunang Asya. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

Magsagawa ng malayang talakayan.

**Mga Gabay na Tanong**:

1. Itala ang alam ang mga katangian ng sinaunang kabihasnan?
2. Ano-ano ang nais ninyong malaman tungkol sa mga katangian ng sinaunang kabihasnan?
3. Ano-ano ang inyong natutunan matapos na mabasa ang teksto tungkol sa mga katangian ng Sinaunang Kabihasnan?

**Gawain 6**: **Magdula-dulaan Tayo!**

Magsagawa ng maikling dula-dulaan

<u>Pangkat 1</u>-Katangian ng Kabihasnan
<u>Pangkat 2</u>-Katangian ng Sibilisasyon

Malayang talakayan sa katangian ng kabihasnan at sibilisasyon na sumibol at umunlad sa Timog Silangang Asya

**Mga Gabay na Tanong**

1. Ano-ano ang

Panahong Paleolitiko

Pangkat 2-Malikhaing pagguhit Panahong Mesolitiko

Pangkat 3- Jingle Making Panahong Neolitiko

Pangkat 4- Pagsayaw sa Panahong Metal

Paglalahad ng natapos na pangkatang gawain

**Mga Gabay na Tanong**

1. Ano-anong pagbabago ang naganap sa bawat panahon?
2. Paano hinarap ng mga sinaunang Asyano ang hamon ng pagbabago ng kapaligiran? Ipaliwanag ang sagot.
3. Paano nakakaapekto ang katangiang pisikal ng Asya sa pagbuo ng kabihasnan? Ipaliwanag ang sagot.

**Gawain 5: Ladder Web**

Panuto: Itala ang mga mahahalagang kaganapan sa pagbuo ng kabihasnan sa pamamagitan ng

**<u>Pangkat 1:TAK-TRA 1</u>**

| Lugar | Katangiang Pisikal | Mga Unang Pamayanang Naitatag | Gawain o Hanapbuhay ng mga tao |
|---|---|---|---|
| Indus Valley | | | |
| China | | | |

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang pagkakatulad ng bawat kabihasnan?

**<u>Pangkat 2: TAK-TRA 2</u>**

| <u>Kabi hasn an</u> | <u>Pamayang Umusbong</u> | <u>Kabihasnang Umunland</u> | <u>Uri ng Pamumu hay</u> |
|---|---|---|---|
| <u>India</u> | | | |
| <u>China</u> | | | |

**Gabay na tanong**:
Paano hinarap ng bawat kabihasnan ang mga hamon ng kalikasan? Bakit itinuring na mahiwaga ang kabihasnang Indus?



Gumamit ng pamatayan sa pagmamarka- Poster Ambag o Kontribusyon ng Sinaunang Asya.


**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA: PAGGAWA NG POSTER**

| Pamantayan | Indikador | Puntos (5) | Natatamong Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | • Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsept sa paggawa ng poster | | |
| Kaangkupan ng konsepto | • Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto | | |
| Pagkamapanlikha (Originality) | • Orihinal ang ideya sa paggawa ng poster | | |
| Kabuuang Presentasyon | • Malinis at Maayos ang kabuuang presentasyon | | |
| Pagkamalikhain (Creativity) | • Gumamit ng tamang kombinasyn ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, knsepto, at mensahe | | |
| | | *Kabuuan* | |





DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>mga susing salita<br>na kahulugan ng<br>kabihasnan at<br>sibilisasyon?<br>2. Ano ang kaugnayan ng kabihasnan at sibilisasyon sa pamumuhay ng mamamayang Asyano?<br>3. Paano sumibol at umunlad ang mga kabihasnan sa Timog-Silangang Asya?</td>
<td>Ladder Web<br><br>1. Ano-ano ang naging batayan ng pagbuo ng kabihasnan batay sa ilustrasyon ng mga panahon?</td>
<td>Pangkat 3: TAK-TRA 3
<table>
<tr><td>Mga Kabihasnan</td><td>Mahahalagang Ambag/Kontribusyon</td></tr>
<tr><td>Sumer</td><td></td></tr>
<tr><td>Indus</td><td></td></tr>
<tr><td>Shang</td><td></td></tr>
</table>
Gabay na tanong:<br>1. Alin sa mga sinaunang kabihasnan ang sa palagay mo ang may pinakamahalagang kontribusyon sa sangkatauhan? Ipaliwanag</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman<br>at Kasanayan sa Mahahalagang<br>Pag-unawa/Susing Ideya</td>
<td>Gawain 7: Dugtungan<br>Kumpletuhin ang mga pahayag ukol sa tampok na kaisipan.<br>Ang Kabihasnan ay tumutukoy sa ___________<br>_______________________<br>________________<br>samantalang ang Sibilisasyon naman<br>_______________________<br>_____________________</td>
<td>Gawain 6: Venn Diagram<br>Punan ng ideya / impormasyon ang Venn Diagram tungkol sa mga pangyayari sa pagbuo ng kabihasnan sa pamumuhay sa kasalukuyan.<br>Ilahad ang kasagutan sa klase.<br></td>
<td>Gawain 5: Picture Presentation Magpakita ng larawan ukol sa ginagampanan ng mga tao sa lipunan.<br>Panuto: Magpakita ng larawan ukol sa ginagampanan ng mga tao sa lipunan. Isulat sa sagutang papel ang mga katangian ng larawan.<br><br>Mga Gabay na Tanong<br>1. Ano-ano ang mga ipinapakitang ginagampanan ng mga tao sa larawan?</td>
<td>Gawain 5: Freedom Board Mula sa nabuong likhang sining (guhit poster) Ilahad ito sa klase.<br>Gamit ang “Freedom Board” bigyan ng interpretasyon ang mga nabuong malikhaing sining.<br></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td>2. Ano-ano ang mga palatandaan ng pag-unlad ng lipunan?<br>3. Ano ang kaugnayan ng mga pamumuhay nating mga Pilipino sa mga sinaunang kabihasnan?<br><br>4. May katangian o palatandaan ba ng pag-unlad sa lipunan?<br>5. Paano nakakaimpluwensiya sa pamumuhay ng mga Pilipino at taga Timog- Sliangang Asya ang napasimulan ng mga pangunahing kabihasnan?<br><br>6.May maibabahagi bang tatak Pilipinong kalinagngan na kapaki-pakinabang sa kapuwa Asyano?</td><td></td></tr>
<tr><td colspan="5">Pagkatapos Ituro ang Aralin</td></tr>
<tr><td>Paglalapat at Paglalahat</td><td>Gawain 8:Data Retrieval Chart Kumpletuhin ang tsart ng mga angkop na ideya ukol sa Sinaunang Kabihasnan at pamumuhay ng mamamayang Asyano.<br><table><tr><th>Ideya Sinaunang Kabihasnan</th><th>Pamumuhay</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td><td>Gawain 7: Ipalahad sa klase ang mga kahalagahan ng mga kagamitan sa pamumuhay ng sinaunang kabihasnan.<br><br>-Gamit na yari sa metal sa pagsasaka<br><br>-Gamit na yari sa bato</td><td>Gawain 6: Tsart<br><br>Panuto: Punan ang tsart ng mga angkop na ideya ukol sa mga Kaisipang Asyano mula sa naging ambag ng bawat kabihasnan<br><br></td><td>Gawain 6:<br>Ipabuo ang pangungusap na magbibigay ng ideya sa pahayag sa ibaba.<br>“Sa Pilipinas at ibang mga bansa sa Timog-Silangang Asya ang mga namumuno ay kilala batay sa katapangan, kagalingan, at katalinuhan (men of prowess).”</td></tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Gabay na tanong**<br>Paano nakaimpluwensiya ang mga ambag/kontribusyon sa pagbuo ng mga kaisipang Asyano? Ipaliwanag ang mga sagot |  |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Panuto:** Isulat ang salitang TAMA kung ang pahayag ay katotohanan at kung<br>di-katotohan ay isulat ang salitang magpapawasto batay sa may salungguhit.<br>*TAMA* 1. Nalinang sa sinaunang kabihasnan ang pamumuhay tulad ng pangingisda at pagsasaka.<br>*TAMA* 2. Batayan ng pagkakaroon ng mataas na antas ay ang kaalaman sa teknolohiya.<br><br>TAMA 3. Saklaw ng kabihasnan ang pagkakaroon ng organisadong pamahalaan.<br><br>*MALI* 4. Sa mga kabundukan nagsimula ang mga unang kabihasnan.<br><br>*MALI* 5. Ang simbahan ay hindi naging masalimuot sa pamumuhay sa mga lungsod. | **Panuto:** Pumili ng tamang sagot sa kahon na tumutukoy sa bawat panahon ng pagbuo ng kabihasnan.<br><br>Paleolitiko Chert<br>Mesolitiko Neolitiko<br>Metal Microlith<br><br>*Mesolitiko*1. Natutong magpaamo ng hayop at gumawa ng mga damit.<br><br>*Metal* 2. Sa panahong ito, nalinang ang mga bakal at tanso.<br><br>Paleolitiko3.Pinakamahalang gang ambag ang pagtuklas ng apoy.<br><br>Neolitiko 4. Natutong magtanim at mag-alaga ng mga hayop ang mga tao. | **Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap.<br>Piliin ang letra ng tamang sagot.<br>1. Alin sa sumusunod ang sumasaklaw sa kahulugan ng kabihasnan?<br>A. Pamumuhay na nakagawian at pinaunlad ng maraming pangkat ng tao.<br>B. Pamumuhay na pinaunlad ng tao gamit ang bagong teknolohiya.<br>C. Pamumuhay na nakagawian bunga ng pagtira sa mga ilog at lambak.<br>D. Pamumuhay na nabago ng kapaligiran.<br><br>2. Paano nabuo ang isang kabihasnan?<br>A. Sa pagkakaroon ng sentralisadong pamahalaan, relihiyon, uring panlipunan, sining, arkitektura, at sistema ng pagsulat. | Ipagawa sa mga bata ang sumusunod na gawain bilang pagtataya.<br>**Panuto:** Magsulat ng limang katangian na iyong ipinagmamalaki bilang isang Asyano. Isulat sa loob ng bituin.<br> |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Susii sa Pagwawasto***<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. lambak-ilog/tubigan<br>5. sibilisasyon | Paleolitiko 5. Itinuturing na nomadiko ang mga tao sa panahong ito. | B. Kapag may pamahalaan, relihiyon, sining, arkitektura, at sistema ng pagsulat.<br>C. Kapag naging maayos ang pamumuhay at nabago ng kapaligiran.<br>D. Kapag nagkaroon ng paglaki ng populasyon at napapangkat ang tao ayon sa kakayahan<br><br>3. Ano ang pinakamalaking templo ng Budismo sa buong daigdig?<br>A. Angkor Wat<br>B. Borobudur<br>C. Taj Mahal<br>D. Temple of Leah<br>4. Anong pamamaraan o paghahanda ang ginawa ng mga kabihasnang umusbong sa Asya upang hindi sila magapi ng hamon ng kalikasan sa kanilang lugar tulad ng baha at malakas na pag- ulan?<br>A.Nagtatayo sila ng mga dike na haharang sa mga tubig na maaaring sumira sa kanilang lupain kapag tag-ulan.<br>B.Nagtatanim sila ng malalaking puno sa tabi ng ilog.<br>C.Nagtatago sila at bumabalik sa mga kuweba kapag tag- ulan.<br>D. Nagtatayo sila ng mga dike at nagtatanim ng malalaking puno at | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | inaayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi pumasok sa kanilang pamayanan.<br>5. Bakit naiiba ang tungkulin ng hari sa kabihasnang Shang sa tungkulin ng hari sa kabihasnang Indus at Sumer?<br>A.Ang hari ng Shang ang gumagawa ng sakripisyo para sa kasaganaan ng lahat ng nasasakupan.<br>B. Ang gawain lamang sa tungkuling panrelihiyon ng hari ng kabihasnang Indus at Sumer ay nakasentro<br>C.Ang tirahan ng hari ng Sumer at Indus ay sa mga templo samantalang ang hari ng Shang ay malayo sa mga tao.<br>D. Ang hari ng kabihasnang Shang ay may tungkuling politikal hindi lamang panrelihiyon. | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa*<br>*Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph